# Biyayang Nagpapasagana



## WARM-UP

- Magkuwento ng isang pagkakataon na ibinahagi mo sa isang kaibigan kung ano ang mayroon ka. Ano ang ibinahagi mo at bakit mo ito ginawa?
- Magkuwento ng isang pagkakataon na may pangangailangan ka at tinulungan ka ng isang kaibigan. Ano ang nangyari at ano ang naramdaman mo?
- Sa palagay mo, ano ang dahilan kung bakit mahirap maging mapagbigay? Bakit mo ito naisip?

## WORD

*At magagawa ng Diyos na ibigay sa inyo ang higit pa sa inyong mga pangangailangan, para sa lahat ng panahon ay maging sapat kayo sa lahat ng bagay, at lagi ninyong matutulungan ang iba.* **2 CORINTO 9:8**

Ang "pabor na hindi natin karapat-dapat matanggap" ay isa sa mga kahulugan ng biyaya. Sinabi ni Apostol Pablo na ang biyaya ay isang pagpapala. Ang Diyos ay may kakayanan na ibigay sa atin ang *higit* pa sa ating mga pangangailangan. Sapat ito para sa anumang bagay sa lahat ng panahon. Sapat ito upang makapagbahagi tayo ng pagpapala upang lagi nating *matutulungan ang iba*. Ngayon, tignan natin kung paano tayo pinagpapala ng Diyos upang magawa nating magbahagi ng pagpapala sa iba.

## 1 Sapat ang biyaya ng Diyos upang tugunan ang ating mga pangangailangan.

*At magagawa ng Diyos na ibigay sa inyo ang higit pa sa inyong mga pangangailangan, para sa lahat ng panahon ay maging sapat kayo sa lahat ng bagay, at lagi ninyong matutulungan ang iba.* **2 CORINTO 9:8**

Alam ng Diyos kung ano ang kailangan natin bago pa man natin ito hilingin sa Kanya. (Mateo 6:8). Alam na Niya kung ano ang kakailanganin natin bago pa man natin malaman kung ano ang mga ito. Hindi Siya kailanman magugulat. Ang biyaya ng Diyos na nagpapasagana at ang Kanyang kapangyarihan ay sapat upang tugunan ang lahat ng ating pangangailangan *sa lahat ng panahon.* Subalit hindi lamang Siya tumutugon sa ating mga pangangailangan. Labis ang kagustuhan Niyang ibigay sa atin hindi lamang ang mga ito kundi higit pa sa mga pangangailangang ito. Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan nalaman mo na inihanda na ng Diyos ang kailangan mo bago mo pa hingin ang mga ito sa Kanya.

## 2 Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng kakayahan na maging mapagbigay.

*[8]At magagawa ng Diyos na ibigay sa inyo ang higit pa sa inyong mga pangangailangan, para sa lahat ng panahon ay maging sapat kayo sa lahat ng bagay, at lagi ninyong matutulungan ang iba. . . . [10]Ang Diyos na nagbibigay ng binhi sa magsasaka at tinapay na makakain, ang siya ring magbibigay ng inyong mga pangangailangan para lalo pa kayong makatulong sa iba.*
**2 CORINTO 9:8,10**

Binibigyan tayo ng Diyos ng kakayahan na matulungan ang iba sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng kailangan natin sa lahat ng panahon. Higit pa dito, ibinibigay at pinalalago din Niya ang binhing maitatanim natin upang tayo ay maging pagpapala sa iba. Ang sapat na biyaya ng Diyos ay tumutugon sa ating mga pangangailangan nang may layunin: ang maging mapagbigay.

Paano inilarawan ni Pablo ang pagiging mapagbigay ng mga taga-Macedonia sa 2 Corinto 8:3–5? Kaninong kagustuhan na sila ay maging mapagbigay?

## 3 Ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan natin ay nagdudulot ng pag-ani ng katuwiran.

*10 Ang Diyos na nagbibigay ng binhi sa magsasaka at tinapay na makakain, ang siya ring magbibigay ng inyong mga pangangailangan para lalo pa kayong makatulong sa iba.*
*11 Pasasaganain kayo ng Diyos sa lahat ng bagay para lagi kayong makatulong sa iba. At marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa tulong na ipinapadala ninyo sa kanila sa pamamagitan namin.*
*12 Dahil sa inyong pagbibigay, hindi lamang ninyo tinutugunan ang pangangailangan ng mga mananampalataya na nasa Judea, kundi magiging dahilan din ito para marami ang magpasalamat sa Diyos.* **2 CORINTO 9:10–12**

Kung paanong ang mga magsasaka ay nagtatanim ng binhi at umaasang sila ay aani, tayo rin ay dapat na umasang magagawa nating umani ng katuwiran kung tayo ay magiging mapagbigay at tutulong sa iba. Tinutugunan ng Diyos ang lahat ng ating pangangailangan, binibigyan tayo ng kakayahan na maging mapagbigay, at binibigyan tayo ng kasiguraduhan na ang pagbibigay natin ay makatutulong upang maranasan din ng iba ang Kanyang biyaya. Paano nakatulong ang pagiging mapagbigay mo upang maibahagi ang ebanghelyo? Magkuwento tungkol dito.

## APPLICATION

- May pangangailangan ka bang idinadalangin sa Diyos? Basahin at pag-isipan ang 2 Corinto 9:6–12 ngayong linggo. Paano mas makikita ang katotohanan ng mga bersong ito sa buhay mo?

- Sapat ang pagtugon ng Diyos sa ating mga pangangailangan, kabilang na ang pagbibigay sa atin ng pagkukunan ng ikabubuhay. Ano ang mayroon ka na magagawa mong ibigay o ibahagi sa iba ngayong linggo?
- Sino sa mga kapamilya at kaibigan mo ang kailangang makaalam na ang biyaya ng Diyos ay sapat para sa ating mga pangangailangan? Paano mo maibabahagi sa kanya ang biyaya ng Diyos na nagbibigay kasaganaan ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa sapat na biyayang ibinibigay Niya sa iyo sa lahat ng panahon. Pasalamatan Siya sa pagbibigay sa iyo ng kakayahan na maging mapagbigay gamit ang mga ibinigay Niya.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung ano ang gusto Niyang gawin mo sa pangaraw-araw na ibinibigay Niya sa iyo, at sa pagbabahagi ng Kanyang biyaya sa iba.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga pagkakataon na maibahagi ang mas marami pang pinagkukunan ng iyong mga pangangailangan at maikuwento ang Kanyang biyaya at pagkamapagbigay sa iyong mga kapamilya at kaibigan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph